DepEd ADVISORY No. 505, s. 2011
in compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(Visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
October 7, 2011

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO

Ang *Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF)* sa pakikipag-ugnayan sa Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED)), at Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng **Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino** sa temang "*Paghahanda ng mga Kagamitang Panturo sa Konteksto ng K to 12, UbD, MLE, at Pananaliksik"* sa Oktubre 26-28, 2011 sa CSC International Conference Center, Estrada Street, at Arellano, Malate, Lungsod ng Maynila.

Ang mga layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:

1. maging kabalikat sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa K to 12, Understanding by Design (UbD) at Multilingual Education (MLE);
2. makapaghanda ng mga kagamitang panturo sa konteksto ng K to 12, UbD, at MLE;
3. makapagsagawa ng programa sa pananaliksik pangwika na maisasagawa sa silid-aralan o loob ng klasrum; at
4. mailapat sa paghahanda ng mga kagamitang panturo ang mga bunga ng saliksik na isinagawa ng guro.

Inaanyayahang dumalo sa nasabing seminar-worksyap na ito ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga piling guro sa bawat paaralan.

Ang mga dadalo ay magbabayad ng butaw na Tatlong Libo at Limandaang Piso (PhP3,500.00) para sa tatlong (3) tanghalian at anim (6) na meryenda, lugar na pagdarausan, seminar kit, onoraryum ng mga tagapanayam, at iba pang kaugnay na gastos. May sampung porsiyento (10%) diskuwento ang mga aktibong miyembro ng PSLLF sa pasubaling maipapakita nila ang katunayan ng kasapian gaya ng ID o resibo.

Hinihiling na magdala ang mga dadalo ng mga tula, maikling kuwento, pabula, alamat, kuwentong bayan, at epiko sa kanilang rehiyon na magagamit sa mga worksyap sa paghahanda ng mga kagamitang panturo.

Para sa inyong reserbasyon at mga gustong tumigil sa hotel/dormitoryo, tumawag o makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

Prof. Emma O. Sison DLSU-College of St. Benilde Taft Avenue., Maynila Mobile Phone Blg.: 0917-896-1993 Telepono Blg.: (02) 881-2573	**Prof. Santiago Flora, Jr.** Quezon City Polytechnic University Novaliches, Quezon City Mobile Phone Blg.: 0922-816-2676 Telepono Blg.: (02) 514-3520 E-mail Address: tiagz@yahoo. com	**Dr. Ester T. Rada** San Beda College, Mendiola, Maynila Mobile Phone Blg.: 0926-684-9329 Telepono Blg.: (02) 735-6011 lokal 5122 E-mail Addresses: esterrada2003 @yahoo.com etor3s@gmail.com

Madel: DA Pambansang Seminar-Worksyap PSLLF
Oktubre 3, 2011